
# Mga Tagubilin sa Pagkolekta ng Laway

Pakikumpleto ang requisition gamit ang iyong legal na impormasyon. Hindi namin matatanggap ang ginustong pangalan sa ngayon.

Tandaan: Ang legal na una at huling pangalan, pati na rin ang petsa ng kapanganakan sa requisition ay dapat tumugma sa label ng sample.

**Ang mga tagubilin ay dapat sundin o ang mga sample ay hindi mapoproseso. **




1 Bago kumpletuhin ang iyong sampol, HUWAG kumain, uminom, ngumuya ng gum, manigarilyo o mag-vape ng 30 minuto.

- Kumpletuhin nang lubos ang requisition gamit ang legal na impormasyon mo.




2 Kunin ang pakete mula sa supot at buksan ito sa pamamagitan ng pagtatanggal ng papel sa likod.

Sa loob ay makikita mo ang dalawang mga piraso – isang takip na may asul na likido sa loob nito at isang lalagyan na may embudong nakakabit dito sa tuktok.




3 Panatilihin ang dura sa iyong bibig nang hindi lumulunok; pagkatapos ay dahan-dahang idura ang laway sa lalagyang embudo.





4 Kailangan mong punuin ang lalagyan ng sapat na laway upang umabot hanggang sa itim na linya na nagsasabing 'spit to here'.


Ang anumang mga bula sa laway ay hindi ibibilang sa kabuuang halaga. Pakitiyak na na ang laway ay umaabot sa itim na linya at ang mga bula ay nananatili sa itaas ng linya. Maaari itong tumagal ng mga ilang minuto, kaya patuloy lang na gawin ito.



5 Kapag nakakolekta na ng sapat na laway, pihitin ang embudo at itapon ito sa basura.




6 Ilagay ang takip na may asul na likido sa ibabaw ng lalagyan. Tiyakin na ang takip ay nakatakip nang maayos at pihitin hanggang marinig mo ang isang "click" at ang mga asul na likido ay nahalo sa lalagyan. Magpatulong sa isang magulang o may sapat na gulang para sa hakbang na ito.



7 Marahang kalugin ang lalagyan ng 3-5 beses upang maghalo ang lahat.




8 Kumpletuhin ang label gamit ang iyong legal na una at huling pangalan, pati na rin ang petsa ng kapanganakan at idikit ito nang pahaba sa lalagyan ng sample ng laway.




9 Ilagay ang iyong naka-label na sample ng laway sa loob ng supot na pinaglagyan nito. Idagdag ang iyong nakumpletong requisition sa labas na bulsa ng supot.

Pakihulog ang sample ng laway sa iyong naaangkop na lugar sa loob ng 24 na oras pagkakolekta. Maaari itong itago sa temperatura ng silid, hindi kailangang ilagay sa repridyereytor.

Para sa karagdagang impormasyon at nakakatuwang mga tip para sa mga bata, i-scan ang QR code para mapanood ang aming video sa laway o bisitahin ang: **https://youtu.be/Ru-vFZdImes**

Paano mag-scan: BUKSAN ang camera sa iyong telepono, i-AIM ito sa code, i-TAP ang banner na lalabas.

SickKids®